# PAHINTULOT PARA SA PAGPAPATALI UPANG HINDI MAGKAANAK (STERILIZATION)

**PAUNAWA: ANG IYONG DESISYON ANUMANG ORAS NA HINDI MAGPATALI AY HINDI MAGIGING DAHILAN PARA BAWIIN O IPAGKAIT ANG ANUMANG MGA BENEPISYONG IBINIBIGAY NG MGA PROGRAMA O PROYEKTO NA TUMATANGGAP NG MGA PONDONG PEDERAL.**

| PAHINTULOT PARA SA PAGPAPATALI UPANG HINDI MAGKAANAK (STERILIZATION) | |
|---|---|
| Humiling at nakatanggap ako ng impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapatali mula kay/sa: (Doktor o Klinika): __________. Noong una akong humiling sa doktor o klinika ng impormasyon, sinabihan ako na ganap na nakasalalay sa akin ang desisyong magpatali. Ipinaalam sa akin na maaari akong magpasyang hindi magpatali. Kung magpasya akong hindi magpatali, hindi makaaapekto ang aking desisyon sa karapatan ko para sa mga susunod na pangangalaga o paggamot. Hindi ako mawawalan ng anumang tulong o benepisyo mula sa mga programang tumatanggap ng mga Pondong pederal, tulad ng Temporary Assistance for Needy Families (TANF) o Medicaid na aking natatanggap ngayon o maaaring maging kwalipikado ako. **NAUUNAWAAN KO NA ANG PAGPAPATALI AY DAPAT ITURING NA PERMANENTE AT HINDI MAIBABALIK SA DATI. NAGPASYA AKO NA AYAW KO NANG MABUNTIS, MAGKAANAK O MAGING ISANG AMA.** Ipinaalam sa akin ang tungkol sa mga pansamantalang pamamaraan ng pagkontrol sa pagbubuntis na maaaring ibigay sa akin para posible pa rin akong magkaanak o maging ama balang araw. Tinanggihan ko ang mga alternatibong ito at pinili kong magpatali. | |
| Nauunawaan ko na sasailalim ako sa proseso ng pagpapatali sa pamamagitan ng operasyon na kilala bilang (Uri ng Operasyon): | |
| Ipinaliwanag sa akin ang mga abala, panganib, at benepisyong may kaugnayan sa operasyon. Sapat na nasagot ang lahat ng aking katanungan. Nauunawaan ko na hindi isasagawa ang operasyon hanggang sa lumipas ang hindi bababa sa 30 araw matapos kong lagdaan ang form na ito. Nauunawaan ko na maaaring magbago ang isip ko anumang oras at ang aking desisyon anumang oras na hindi magpatali ay hindi magiging dahilan para ipagkait ang anumang mga benepisyo o serbisyong medikal na ibinibigay ng mga programang pinopondohan ng pederal na pamahalaan. | |
| Ako ay nasa edad na hindi bababa sa 21 taong gulang at ipinanganak noong (Petsa) __________. Ako, __________ ay kusang-loob na nagbibigay ng pahintulot upang sumailalim sa proseso ng pagpapatali na isasagawa ni/ng (Doktor o Klinika) __________ sa pamamagitan ng pamamaraang tinatawag na __________. | |
| Ang aking pahintulot ay mawawalan ng bisa 180 araw mula sa petsa ng aking paglagda sa ibaba. Pumapayag din ako na ilabas ang form na ito at iba pang mga medikal na rekord tungkol sa operasyon sa: Mga Kinatawan ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services), o Mga Empleyado ng mga programa o proyektong pinopondohan ng Kagawaran ngunit para lamang matukoy kung nasunod ang mga batas ng Estado at Pederal na pamahalaan. Nakatanggap ako ng kopya ng form na ito. | |
| I-print ang Pangalan: | |
| Lagda: | Petsa: |

## PAHAYAG NG INTERPRETER (Kung may ibinigay na interpreter para tulungan ang indibidwal na sasailalim sa proseso ng pagpapatali)

Isinalin ko ang impormasyon at payong ibinigay nang pasalita sa indibidwal na sasailalim sa proseso ng pagpapatali ng taong humihiling ng pahintulot na ito.

Binasa ko rin sa indibidwal ang form ng pahintulot sa (Wika) at ipinaliwanag sa indibidwal ang nilalaman nito. Sa aking pagkakaalam at paniniwala, naunawaan ng indibidwal ang paliwanag na ito.

Naka-print na Pangalan:

| Lagda ng Interpreter: | Petsa: |
|---|---|

## PAHAYAG NG TAONG HUMIHILING NG PAHINTULOT

Bago lagdaan ni (Pangalan ng Indibidwal) ang form ng pahintulot, ipinaliwanag ko sa indibidwal ang klase ng operasyon para sa pagpapatali (Uri ng Operasyon), na ang pamamaraang ito ay magiging pinal at hindi na maibabalik sa dati, at ang mga abala, panganib, at benepisyo na kaugnay nito.

Ipinaalam ko sa indibidwal na sasailalim sa proseso ng pagpapatali na mayroong mga alternatibong paraan ng pagkontrol sa pagbubuntis na pansamantala lamang. Ipinaliwanag ko na naiiba ang pagpapatali dahil permanente ito. Ipinaalam ko sa indibidwal na sasailalim sa proseso ng pagpapatali na maaaring bawiin anumang oras ang pahintulot ng indibidwal at hindi siya mawawalan ng anumang mga serbisyong pangkalusugan, o anumang mga benepisyong inilalaan ng mga pondong Pederal.

Sa aking pagkakaalam at paniniwala, ang indibidwal na sasailalim sa proseso ng pagpapatali ay nasa edad na hindi bababa sa 21 taong gulang at waring may sapat na kakayahang mag-isip. Ang indibidwal ay may sapat na kaalaman at kusang-loob na humiling na magpatali at waring nauunawaan ang klase at mga kahihinatnan ng operasyon.

| Lagda ng Taong Humihiling ng Pahintulot: | Petsa: | Pasilidad: |
|---|---|---|

## PAHAYAG NG DOKTOR

Bago ko isinagawa ang operasyon para sa pagpapatali ni (Pangalan ng Indibidwal):

noong (Petsa ng Pagpapatali): ipinaliwanag ko sa kanya ang klase ng operasyon para sa pagpapatali (Uri ng Operasyon) , na ang pamamaraang ito ay magiging pinal at hindi na maibabalik sa dati, at ang mga abala, panganib, at benepisyo na kaugnay nito.

- Ipinaalam ko sa indibidwal na sasailalim sa proseso ng pagpapatali na mayroong mga alternatibong paraan ng pagkontrol sa pagbubuntis na pansamantala lamang.
- Ipinaliwanag ko na naiiba ang pagpapatali dahil permanente ito.
- Ipinaalam ko sa indibidwal na sasailalim sa proseso ng pagpapatali na maaaring bawiin anumang oras ang pahintulot ng indibidwal at hindi siya mawawalan ng anumang mga serbisyong pangkalusugan o benepisyong inilalaan ng mga pondong Pederal.
- Sa aking pagkakaalam at paniniwala, ang indibidwal na sasailalim sa proseso ng pagpapatali ay nasa edad na hindi bababa sa 21 taong gulang at waring may sapat na kakayahang mag-isip. Batid at kusang-loob ng indibidwal na humiling na magpatali at waring naunawaan niya ang klase at mga kahihinatnan ng operasyon.

**(Huling talata sa mga tagubilin para sa paggamit ng alternatibo:**
Gamitin ang unang talata sa ibaba maliban sa kaso ng maagang panganganak o pang-emerhensiyang operasyon sa tiyan kung saan isinagawa ang proseso ng pagpapatali wala pang 30 araw makalipas ang petsa ng paglagda ng indibidwal sa form ng pahintulot. Sa mga kasong iyon, dapat gamitin ang ikalawang talata sa ibaba. Guhitan o burahin ang talata na hindi ginamit.)

(1) Hindi bababa sa 30 araw ang lumipas sa pagitan ng petsa ng paglagda ng indibidwal sa form ng pahintulot na ito at ng petsa ng pagsasagawa ng proseso ng pagpapatali.

(2) Isinagawa ang prosesong ito ng pagpapatali nang wala pang 30 araw ngunit mahigit sa 72 oras matapos ang petsa ng paglagda ng indibidwal sa form ng pahintulot na ito dahil sa mga sumusunod na pangyayari (lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon at punan ang hinihiling na impormasyon):

| | | |
|---|---|---|
| ☐ Napaagang panganganak—Inaasahang Petsa ng Panganganak ng Indibidwal: | ☐ Pang-emerhensiyang operasyon sa tiyan - Ilarawan ang mga sitwasyon: | Lagda:<br>Petsa: |